REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 89-87**

**KAPASIYAHAN NA NAGTATALAGA NG KAUKULANG BILANG SA MGA BAHAY AT GUSALI (NUMBERING OF HOUSES AND BUILDINGS) NA WALA PANG NUMERO AT PAG-AATAS NG BAGONG BILANG (RENUMBERING) SA MGA BAHAY AT MGA GUSALI NA DATI NG MAY NUMERO SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, upang madaling matunton ang isang tirahan o gusali sa nasasakupan ng bayan ng Muntinlupa ay kinakailangang may angkop o kaukulan na numero ito bukod sa pangalan at barangay na kinatitirikan nito;

SAPAGKAT, ang isang maayos at kaaya-ayang kapaligiran ay maisasagawa lamang kung may tamang paraan ng pagtitirikan ng mga kabahayan at gusali sa isang lugar o barangay;

SAPAGKAT, ang pagtatalaga ng numero sa mga bahay at gusali ay upang madaling matukoy ang mga may karapatan, tunay at lehitimong mga nagmamay-ari nito;

SAPAGKAT, sa pamamagitan nito ay maiiwasan ang lumulubhang suliranin ng "squatting" at ang hindi pagbabayad ng kaukulang buwis ng mga naninirahan o mga may bahay-kalakal sa bayan ng Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na magtalaga ng kaukulang bilang sa mga bahay at gusali (numbering of houses and buildings) na wala pang numero at pag-aatas ng bagong bilang (renumbering) sa mga bahay at mga gusali na dati ng may numero sa nasasakupan ng Bayan ng Muntinlupa.

PINAGPASIYAHAN NG BUONG PAGKAKAISA NA LAHAT NG KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA SA KANILANG PANG-APATNAPU'T SIYAM (49th) NA PANGKARANIWANG PULONG NA GINANAP NOONG IKA-27 NG PEBRERO, 1989.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO Q. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**(kapasiyahan bilang 89-87) :**

**KGG. NEMESIO O. MOZO**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**PINATOTOHANAN:**

**RAUL R. CORRO**
**Kalihim Bayan**

**PINAGTIBAY: Pebrero 27, 1989**